Online ISSN: 3082-5121
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields

Mga Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Nobelang Noli Me Tangere

Leslie P. Manaog [1]
0009-0007-0195-8420 / leslie.manaog@deped.gov.ph

1 – Sacred Heart College Lucena City Inc.

Publication Date: October 27, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.23683077**

Abstrak

Ang pagsasabatas ng pagtuturo at pag-aaral sa buhay at mga akda ni Dr. Rizal ang patunay na marapat itong matutunan at maunawaan ng mga mag-aaral. Hindi ito isang aralin na dapat lamang daanan sa halip gawing kasangkapan sa pambansang kamalayan at magamit ang mga aral at mensahe nito sa kasalukuyan. Nilayon ng pag-aaral na ito na makagawa ng anotasyong gabay ng mag-aaral sa pagakatuto sa nobelang Noli Me Tangere. Nilayon din nito na malaman ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa nobela at kung mayroong halagang ugnayan ba ang mga ito.

Ginamit ng mananaliksik ang kwantitibong metodo at disenyong deskriptib-ebalwatib upang ilarawan at suriin ang antas ng pag-unawa at mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa nobela Noli at deskriptibong-korelasyunal naman ang ginamit upang malaman ang halagang unayan ng antas ng pag-unawa at mga salik sa pag-unawa.

Batay sa resulta ng pag-aaral mayroong 92 mag-aaral ang May Kaalaman sa Noli Me Tangere, 71 ang may mababang kaalaman, 62 ang may Napakataas na Kaalaman at 10 ang may mababa kaalaman. Nakakuha naman ng Napakataas na Epekto sa pag-unawa sa nobelang Noli ang mga salik na Mapanuri at Replektibong Pag-iisip may kabuoang WAM na 3.32 at Wika, Estilo at Kasanayang Komunikatibo naman ang may WAM na 3.27. Samantalang may Mataas na Epekto naman ang Tema at Panahon na may kabuoang WAM na 3.25, Pagpapahalagang Moral na may kabuoang na WAM na 3.19, Tauhan na may kabuoang na WAM na 3.11, at Kaligirang Kasaysayan na may kabuoang na WAM na 3.07. Sa kabilang banda, walang halagang ugnayan ang antas ng pag-unawa sa mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere.

Batay sa naging konklusyon ng pag-aaral, hindi nalalayo ang bilang ng mga mag-aaral na may mataas na kaalaman at may mababang kaalaman sa Noli. Habang ang Mapanuri at Repkeltibong Pag-iisip ang may pinakamataas na epekto sa pag-unawa sa nobela. Samantalang hindi kinakitaan ng halagang ugnayan ang antas ng pag-unawa at salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

Naging rekomendasyon ng mananalisik na gamitin at pagbutihin ang binuong anotasyong gabay ng mag-aaral upang makatulong sa higit na pagkaunawa sa akda; sapamamagitan ng mga alternatibong gawain upang maging interaktibo at madaling maunawaan ang aralin; hikayatin ang mga guro na maging mas malikhain sa pagtalakay sa aralin at maiwasan ang nakasanayang pag-uulat sa paraan ng pagtuturo; mahikayat ang pamunuan na magamit ang materyal sa pag-aaral ng Noli Me Tangere. Naging mahalagang mungkahi rin ng mananaliksik na gamitin ang materyal upang masukat ang kaangkutan at kabisaan nito; at magsagawa pa ng kaugnay na pag-aaral gamit ang ibang salik.

Mga Susing Salita: anotasyong gabay ng mag-aaral sa pagkatuto ng Noli Me Tangere, nobela, pang-unawa, salik.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

I. Panimula

Isang uri ng akdang pampanitikan na nagtataglay ng maraming ligaw na tagpo, tauhan at pangyayari ang nobela. Sapamamagitan ng masinop na pagpili ng salita at paglalarawan nakapaglalahad ng kwento na sumasalamin sa aral, damdamin at karanasan sa buhay (Llorico, 2021). Kaya naman hindi nakapagtataka na maisabatas ang Republic Act 1425 o Jose Rizal Law na ipinasa noong Hunyo 12, 1956, ang batas na nagtatakda na kailangan na maisama sa kurikulum ang pag-aaral sa buhay at mga nobela ni Jose Rizal (Lufredo, 2017). Susog dito, nasasaad sa Gabay Pangkurikulum 2016 na ang pagtuturo ng Noli Me Tangere ay sa baitang 9 (p.172-174) at baitang 10 naman ang El Filibusterismo (p.183-187). Samantala, binanggit ni Tugano (2021) na mahalagang pag-aralan ang dalawang nobela na nasulat dahil tumatalakay ito sa pangkalahatang kalagayan ng mga Pilipino. (Schumacher, 2011, p. 534).

Kaakibat ng pag-aaral sa akda ang malalim na pag-unawa sa nilalaman nito. Ang iba't ibang teorya na binanggit sa kurikulum partikular ang rebisyon ng taksonomi ni Bloom sa pamamagitan ng RBT (Revised Bloom Taxonomy) nina Lorin Anderson at David Krathwohl noong 2001 ang isa sa mga naging matibay na batayan sa kung paano matataya ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Binigyang pansin ang kahalagahan ng bawat antas ng pagkatuto na nagbibigay daan sa masusing pag-unawa, pagsusuri, at paglikha (Wilson, 2016).

Karagdagan pa rito, ayon kina Wilkins et al. (2017), ang Hierarchical Leaning

Theory ni Robert Gayne, ipinaliliwanag na mahalaga ang bawat hakbang sa pag-unawa mula sa pinakapaya hanggang sa pinakakumplikado konsepto para sa katiyakan ng kaganapan ng pagkatuto ng akdang Noli Me Tangere sa pinakamataas na lebel. Ipinakita ng mga teoryang ito na kailangan madaanan at maging ganap ang pag-unawa ng mga mag-aaral na nasa ikalawang yugto para sa mas malalim na pagsusuri at pagkatuto.

Gayunpaman ayon kay Danenbarger (2019) sa kabila ng pangangailangan na maituro, may dalawang itinuturing na balakid na nagiging hadlang sa lubos na pag-unawa sa akda. Una ang usaping may kaugnayan sa wika, kasabay ng pagtataya sa kanilang kritikal at mapanuring pag-iisip dahil sa paggamit ng di pamilyar na salita, mahahaba at masalimuot na pangungusap, mga analohiya, simbolismo at metapora. Ikalawa, ang kaalaman sa kasaysayan, tema at panahon kung kailan ito naganap. Dahil narin sa tagal na ito ay nasulat nahihirapan na silang unawain ang mensahe na nakapaloob dito lalo pa at malayo na ito sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. Paano nga ba magiging kapana-panabik ang pagtalakay kung makita pa lamang ng mga mag-aaral ang mahabang basahin ay nakararadam na sila ng pagkabagot? Katunayan pananaliksik na isinagawa nina Aguilar, Macapagal at Benitez (2021), sinasabi na hindi binabasa ng mga mag-aaral nang buo ang nilalaman ng nobela sa halip ay buod kaya di ganap ang kanilang pag-unawa dito.

Dagdag pa rito sa resulta ng pananaliksik ni Opeña (2023), lumalabas na sa 271 na kalahok, may 60% ang nagsasabing mahirap itong unawain, at 16% ang nagsasabing ito ay madaling unawain. Nangangahulugan na nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng Noli Me Tangere bilang bahagi ng talakayan sa Filipino. Samantala, sa bahagi ng mga guro, pinatotohanan sa pag-aaral ni

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

Tugano (2021) na malaking hamon na ipaunawa ang nobela sa tinatawag na Generation Z na itinutiring na maalam sa teknolohiya. Dagdag pa rito, marami sa mga guro ang nagsasabing hindi madali ang pagtuturo ng panitikan partikular ang obra maestra ni Rizal dahil 33.3% ang nagsasabi na ito ay mahirap at 4.8% o isang kalahok lang ang nagsasabi na madali itong ituro (Felonio 2021).

Kaugnay nito, masasabing hindi naging ganap ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa akdang Noli patunay na rito ang datos ng resulta ng MPS (Mean Percentage Score) sa pagsusulit sa ikaapat na markahan kung saan ang pagtalakay sa nobelang Noli Me Tangere ang tuon sa buong markahan. Mula sa ulat ng SMEPA (School Monitoring and Evaluation Plan Adjustment) ng lokal ng pananaliksik, sa huling tatlong taon nakakuha ng MPS na 67.67% taong 2022, 65.29% naman taong 2023, samantalang 69.64 % taong 2024. Sa loob ng tatlong taon mayroong kabuoang MPS na 67.53% lamang ang ikaapat na markahang luhang mababa ito sa inaasahan. Patunay na mayroong mababang pag-unawa sa akda at kailangan ng pagrerepaso at pagtukoy sa suliranin upang makapagbigay ng isang angkop at konkretong solusyon upang mapataas ito at matutunan ng mga mag-aaral ang araling sa paraang madulas at ayon sa kanilang pangangailangan at dapat matutunan. Idagdag pa na pagg-uulat ang isa sa pangunahing paraan ng pagtalakay dito.

Mula sa mga datos na nakalap at pag aanalisa sa mga naisagawa ng pag-aaral kapuna-puna na walang tiyak konsepto o salik ang nabuo para malaman kung bakit nahihirapang unawain ang nobela. Ginamit itong saligan sa ginawang pag-aaral at nagbigay tuon hindi lamang sa wika at semantika kundi sa iba't ibang salik na maaaring makaapekto sa lubos na pagkaunawa dito na nakabatay sa kasanayan na kinakailangang matamo sa pagtatapos ng aralin. Susog dito ang tiyak na salik na isinaayos batay sa mga kompitensi sa baitang 9. Ang Kaligirang Pangkasaysayan, Tauhan, Tema at Panahon, Mapanuri at Replektibong Pag-iisip, Wika, Estilo at Kakayahang komunikatibo at Pagpapahalagang Moral. Makatutulong na malaman kung saan o ano ang nagiging balakid upang mapataas ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa nobela. Nakita ng mananaliksik na makatutulong ang pagbuo ng anotasyong gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral na magsisilbing materyal upang maging aktibo at kawili wili ang pagkatuto at mapataas ang kanilang antas ng pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere (Piper et al, 2018).

Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pananaliksik na ito na alamin ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere na naging balakid sa higit na pagkaunawa sa akda.

Nilayon din nitong masagot ang sumusunod na mga katanungan:

1.Ano ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa nobelang Noli Me Tangere?

2.Anu-ano ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere na may kinalaman sa

2.1Kaligirang Pangkasaysayan

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

2.2Tauhan

2.3Tema at Panahon

2.4Mapanuri at Replektibong Pag-iisip

2.5Wika, Estilo at Kasanayang Komunikatibo; at

2.6Pagpapahalagang Moral

3.May halaga bang ugnayan ang antas ng pag-unawa sa mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere?

4.Batay sa naging resulta ng pananaliksik, ano ang anotasyong gabay ng mag-aaral sa pagkatuto ng Noli Me Tangere ang maaaring mabuo?

Konseptwal na Balangkas

Ang Noli Me Tangere na hango sa wikang Latin na ang ibig sabihin sa ay "Huwag Mo Akong Salingin" mula sa ebanghelyo ni San Juan Bautista (Juan 20:13-17*).* Isinulat at inilathala sa Europa noong 1887. Ito ay bunga ng pagbasa ni Rizal sa "Uncle Tom's Cabin" ni Harriet Beacher Stowe. Ikinubli rito ang mga di-makataong pagtrato ng mga mananakop sa mga Pilipino sa pamamagitan ng mga pangyayari at karakter sa kaniyang akda. Ipinaliwanag rin ang katotohanan na gumising sa mga Pilipino noong kanyang panahon (Paranas, Sumaong at Reyes 2017).

Tunay na naiiba ang Noli Me Tangere sa iba pang uri ng akdang pampanitikan maging hanggang sa kasalukuyan. Malinaw ang layunin ng akda na tumatalakay sa panlipunan at pampulitikang aspeto. Isa sa mga akdang tumindig para paghahangad ng kalayaan at pagkakapantay pantay, gumising sa damdamin ng maraming Pilipino na lumaban at manindigan para sa kinabukasan ng bansa. Bagamat bunga ng malawak at malikot na imahinasyon ni Dr. Rizal, hindi ito isa lamang kwento, kundi isang masining na paglalarawan sa kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng pananakop. Matapang na inilarawan dito ang katiwalian, pang-aabuso, sa kung paano inapi ang mga Pilipino sa sariling lupain at paglalantad ng kabulukan ng pamahalaan at simbahan (Almario, 2017).

Gumamit ng mga malalim na simbolismo at metapora na naglalaman ng masakit na katototanan. Inilalarawan ng bawat tauhan ang mga tunay na persona at simbolo ng iba't ibang sektor ng lipunan na mapanlamang sa kapwa, inaapi, nasasaktan, umiiyak, inaabuso, at naghahangad ng pagbabago. Sa kabuuan, hindi lamang ito isang akdang pampanitikan, kundi isang makapangyarihang instrumento ng pagbabago, piraso ng ating pagka-Pilipino (Lumbrera, 2021).

Sa kabila ng kahalagan nito maraming mag-aaral parin ang nahihirapang unawain ang konteksto ng akda dahil narin sa magkakaibang pagtanggap at danas. Layunin ng pag-aaral na mapalalim ang pag-unawa sa akda kaya minarapat ng mananaliksik na tukuyin ang mga tiyak na salik na nakabatay sa kompitensi na nagiging hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa nobelang Noli Me Tagere. Sapamamagitan ng pagtukoy sa ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa nobela. Ginamit ng mananaliksik ang resulta ng ikaapat na markahang pagsusulit dahil sa nakalaan ang huling markahan sa ikasiyam na baitang para sa pagtalakay sa Noli Me Tangere.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

Mahalaga na matukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral upang malaman ang kanilang akademikong pagganap. Sapamamagitan ng pagsusuri rito mapadadali ang pagtukoy sa mga suliranin o salik na magagamit upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Caspe, 2024).

Samantala, sa pagtukoy sa mga tiyak na salik, nagsagawa ng pagsusuri sa gabay pangkurikulum ang mananaliksik at natukoy ang mga salik na kailangang malinang upang mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa nobelang Noli Me Tangere. Una na rito ang kaligirang pangkasaysayan. Tinalakay sa pag-aaral na isinagawa ni Torres (2018) na may malaking epekto sa pag-unawa ang kaligirang pangkasaysayan ng nobelang Noli Me Tangere, kung paano ito nasulat, saan at bakit. Tinalakay rin ang kahalagahan ng kasaysayan, at pagsusuri sa panahon kung kailan ito nasulat upang maunawaan ang mga isyung tinalakay sa nobela. Ipinakita rin na may mataas na antas ng pag-unawa ang mga mag-aaral na may sapat na kaalaman sa kaligirang pangkasaysayan ng akda kaysa sa mga mag-aaral na wala o kulang ang kaalaman dito.

Sinasabi naman ni Largo (2021) na malaki ang epekto ng tauhan ng nobela sa pag-unawa sa nilalaman nito. Ang mga kilos, gawi, pananalita ng bawat karakter ang nagbibigay ng emosyon at ugnayan ng akda sa mambabasa na nagiging daan upang maunawaan ang tema at mensahe nito.

Dagdag pa ni Ilano (2022) ang mga tauhan tulad nina Maria Clara, Juan Crisostomo Ibarra, Sisa at Elias ang nagsisilbing representasyon ng iba't ibang aspeto ng lipunan at nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa akda. Nakaaapekto ito sa pananaw ng mambabasa sa kung paano ipinakita ang kanilang kalakasan at kahinaan bilang isang tauhan sa akda.

Samantalang may mahalagang papel sa pagbuo ng pag-unawa ng mga mag-aaral ang sapat na kaalaman sa pagtukoy sa Tema at Panahon ng nobela. Kung saan maiuugnay hanggang sa kasalukuyan ang kalupitan, pang-aabuso, matinding pagnanais ng kalayaan at pagbabago. Dagdag pa ni Largo (2021) nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa mga usaping panlipunan. Makatutulong rin ito upang maunawaan at maanalisa ang layunin ng may-akda sa mga pangyayari sa nobela sapamamagitan ng pagtukoy sa panahon kung kailan ito nasulat. Sa ganitong sitwasyon madaling maiuugnay ng mga mag-aaral ang sariling karanasan at pangyayari sa kasalukuyan sa mga kaganapang binabanggit sa Noli Me Tangere. Samakatuwid, mahalaga na nauunawaan ng mag-aaral ang tema at pinagmulang panahon ng binabasang akda upang mapabilis ang pag-unawa sa nilalaman nito.

Sa kabilang banda, ang pagkakaroon naman ng mga mag-aaral ng kasanayan sa replektibo at mapanuring pag-iisip ang isa sa dapat isa alang alang upang magkaroong ng ganap na pag-unawa at pagkatuto ang mga mag-aaral sa nobelang Noli. Katunayan ayon kay Edullantes et al. (2018) makatutulong ang kritikal at mapanuring na pag-iisip ng mga mag-aaral upang maunawaan ang masalimuot na pahayag, mga simbolismo, mahahabang dayalogo at kawing ng mga pangyayari at kaganapan sa nobela. Matutukoy rin ang mga nakatagong mensahe sa bawat kabanata sapamamagitan ng paglilimi at pag-aanalisa sa mga ito. Dagdag pa rito nina Palma at Tubo (2019) mas nakauunawa ng mga komplikadong tema, at matalinhagang pahayag na ginamit sa Noli Me Tangere ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng mapanuri at kritikal na pag-iisip at naiiugnay ito sa sariling pagninilay at pag-unawa. Sa ganitong paraan napadadali ang pag-unawa kung nailalagay ng mag-aaral ang sarili sa sitwasyon ng kanyang binabasa, nakapagbibigay din ng matalinong hatol batay sa hinihingi ng sitwasyon (Bautista, 2017).

Dapat ding bigyang pansin ang wika, estilo at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Isang hamon sa pag-unawa ng mga mag-aaral ang paggamit ng malalim na salita,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

mahabang mga pahayag, masalimuot na dayalogo, mga metapora, simbolismo at analohiya. Samantalang mapadadali naman ang pag-unawa sa nobela kapag may sapat na kasanayan dito. Maiiwasan din ang mababaw na pagtingin dito at pagtuturing na nobela na dapat basahin lamang na dapat aralin (Torres 2020). Susog dito ang pag-aaral nina Centino et al. (2024) na nagsasabi na mas nakauunawa ng komplikadong pahayag at estilo ng pagsulat ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kasanayang komunikatibo pasulat man o pasalita. Dagdag pa nila, makatutulong din ito upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga nakatagong mensahe at kaisipan na naglalantad naman sa mensahe ng nobelang Noli Me Tangere at maiiwasan ang pagbibigay ng magkakaiba at nagsasalungatang interpretasyon sa akda.

Habang lantad at hindi naging maingat si Dr. Rizal sa pagtalakay niya sa nobela ng usaping may kaugnayan sa moralidad. Matapang na inilarawan ang usaping labag sa moralidad ng mga Pilipino na tiyak na makakapagpa isip o makaaapekto sa pag-unawa at pagbibigay interpretasyon sa akda bilang kabuoan. Katunayan, ipinakita sa pag-aaral ni Paranas (2020) ang kahalagahan ng moralidad sa pag-unawa sa akda na nakabatay sa teorya ng moral na pag-unlad ni Lawrence Kohlberg. Mula rito napag-alaman na taliwas ang nobelang Noli sa 10 yugto na nagpapakita ng katungkulang moral dahilan upang magdulot ito ng magkakaibang interpretasyon at pagtanggap sa akda. Dagdag pa niya, dapat gamitin ang akda hindi lamang sa pag-aaral ng Filipino kundi maging materyal sa kritisismo, etika at moralidad. Samantalang nagkakaroon naman ng pag-aalinlangan ang ilan sa pagpapalalim ng pag-unawa rito dahil sa maaari itong makaapekto sa kanilang paniniwala at pananampalataya. Lalo pa at lantad ang pagpapakita ng di makatarungang gawi, pag-uugali at imoralidad ng ilang karakter (Nazareno et al., 2019).

Mula sa mga nailatag na datos mapatutunayan na mayroong pangangailangan sa pagpapataas sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pagtukoy sa mga tiyak na salik na nakabatay sa mga kompitensi na dapat malinang na tiyak na nakaaapekto ganap na pag-unawa sa akda. Ito ang mga naging batayan ng mananaliksik sa pagbuo ng isang anotasyong gabay ng mag-aaral sa pagkatuto sa nobelang Noli Me Tangere. Kung saan nakabatay ang mga kaugnay na gawain sa mga kompitensing dapat na malinang at kailangan ng pagpapahusay. Mga gawaing hindi lamang humihikayat ng isang aktibo at kolaboratibong pagkatuto (Mendoza, at Sultan, 2020).

Dagdag pa rito, ayon sa pag-aaral ni de Jesus (2022) malaki ang maitutulong ng pagbuo ng materyal ng mag-aaral sa pagkatuto ng Noli Me Tangere na nababatay sa kanilang pangangailangan at kompitensing dapat na malinang sa huling markahan sa ikasiyam na baitang. Mayroong 95.96 bahagdan ang pinagsamang bahagdan na nagsasabing epektibo at nakatulong ang SLM (Self Learning Module) sa kanilang pagkatuto at pag-unawa sa nobela samantalang 4.04 bahagdan naman ang pinagsamang tugon na nagsasabing kailangan pa ng pagsasaayos at hindi naging epektibo ito sa kanilang pagkatuto. Patunay lamang na malaki ang naitutulong ng mga kaugnay na gawain na makahihikayat sa mga mag-aaral na mag-isip at unawain ang nilalaman ng nobela. Dagdag pa ni Paranas (2020) magbibigay ng mas komprehensibong pag-unawa ang pag-aaral sa iba't ibang konteksto. Sapamamagitan ng mga mapanghamong gawain sa klase na hihikayat sa mga mag-aaral na maging aktibong kasangkot sa pagkatuto. Makatutulong din ito upang maunawaan ang nobela sa kasalukuyang panahon.


Kaugnay parin ito, binanggit sa pag-aaral na isinagawa ni Santos (2021) na lubhang maraming hamon ang kinakaharap ng kapwa mag-aaral at guro sa pag-aaral ng Noli Me Tangere. Katunayan isa sa mga naging obserbasyon dito ang bigat ng nilalaman nito. Ang makasaysayang konteksto, malalim na gamit ng wika, mga simbolismona tunay na mahirap unawain. Kaya

Online ISSN: 3082-5121
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields

naman makatutulong ang pagbuo ng suportang kagamitan na makatutulong sa mag-aaral na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa aralin sa paraang magaan at hindi nakararamdam ng presyur. Sa ganitong paraan, sapamamagitan ng mga kolaboratibong gawain mas madaling nauunawaan ang nilalaman at mensahe ng akda, maging ang tunay nitong layunin sa mga mambabasa lalo na sa mga kabataan sa kasalukuyang panahon. Dagdag pa niya, makatutulong din ang paggamit ng makabagong teknolohiya upang maging mas kapana-panabik ang mga gawain sa loob ng klase. Paradigma ng Pag-aaral

Pigura 1

Paradigma ng pag-aaral hinggil sa Mga Salik na Nakakaapekto sa Pag-unawa sa Nobelang Noli Me Tangere



Ipinakikita ng paradigma ng pananaliksik ang mahalagang baryabol na nagpapakita ng makabuluhang ugnayan ng bawat konsepto ng pag-aaral. Sa **input** ng pananaliksik, ang pagtukoy sa Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral, at ang mga salik sa pag-unawa ng sa nobelang Noli Me Tanghere na nakabatay sa kompitensi na nakasaad sa kurikulum – ang kaligirang pangkasaysayan, tauhan, tema at panahon, mapanuri at replektibong pag-iisip, wika, estilo at kasanayang komunikatibo, at pagpapahalagang moral. Maingat na bumuo ang mananaliksik ng talatanungang tseklis sa gabay ng DepEd Memorandum Blg. 073, s. 2020, na may pamagat na

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

"Implementation of the Most Essential Learning Competencies (MELCs)" Hiningi rin ng tulong sa tagapayo at ilang dalubguro para sa pagwawasto at kaangkupan nito.

Makikita naman sa **proseso** ang pagaanalisa sa resulta ng ikaapat na markahang pagsusulit at ang mga salik na higit na nakakaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere.

Panghuli, ang **awput** kung saan inaasahang mabubuo ang **Anotasyong Gabay** batay resulta ng pananaliksik at mga nakalap na datos bilang kagamitan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa nobelang Noli Me Tangere.

Saklaw at Limitasyon

Saklaw ng pananaliksik na ito ang pagtukoy sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa nobelang Noli Me Tangere at ang halagang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na nabanggit. Naging tuong lamang sa pananaliksik ang 23 kompitensi. Ginamit sa pag-aaral na ito kwantitatibong metodo at disenyong deskriptib-ebalwatib para lebal ng pag-unawa at mga salik na nakaaapekto. Samantalang disenyong deskriptibong-korelasyunal (Descriptive-correlation) upang makalap ang mga datos na kainailangan sa pananananaliksik at matukoy ang halagang unayan ng antas ng pag-unawa at mga salik na tinuran. Masusing inalisa ang mga nakalap na datos mula sa mga kalahok at naglapat ng angkop na pamamaraang estadistiko upang bigyang kahulugan ang mga ito.

Ayon sa ipinag-uutos ng batas sa bisa ng Republic Act 1425 o Jose Rizal Law, ituturo sa pampubliko at pribadong paaralan ang Noli Me Tangere sa ikaapat na markahan sa ikasiyam na baitang. Kaya ginamit ng mananaliksik ang resulta ng ikaapat na markahang pagsusulit ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang taong panuruan 2023-2024 upang matukoy ang antas ng kanilang pag-unawa sa nobela. Samantalang bumuo rin ng talatanungang tseklis na mayroon anim na bahagi: kaligirang pangkasaysayan, tauhan, tema at panahon, mapanuri at replektibong pag-iisip, wika, estilo at kasanayang komunikatibo at pagpapahalagang moral. Binubuo ang bawat bahagi ng 10 pahayag kaya naman may kabuoan itong 60. Ang 23 kompitensi ang ginamit sa pagbuo ng talatanungan sang-ayon sa isinasaad ng DepEd Memorandum Blg. 073, s. 2020, na may pamagat na *"Implementation of the Most Essential Learning Competencies (MELCs)"*.

Samatalang naging limitasyon ng pag-aaral ang bilang ng mga kalahok kung saan ang mga mag-aaral na nakakuha lamang ng pinakamababang kaalaman at mababang kaalaman ang naging kalahok at hindi ang lahat ng kumuha ng pagsusulit. Gayun din, hindi na sunod sunod ang pagtalakay sa nobela na nagmumula unang kabanata hanggang sa pinaka ika-64 na kabanata. Nahahati na lamang ito sa tatlong aralain – Aralin 1: Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere, Aralin 2: Ang Mga Tauhan ng Noli Me Tangere at Aralin 3: Mahahalagang Pangyayari sa Mahahalagang Tauhan ng Noli Me Tangere na may apat pang may tiyak na paksa ang 3.1 Crisostomo Ibarra, 3.2 Elias, 3.3 Maria Clara at 3.4 Sisa. Kaugnay nito, may mga kabanata na nadadaplisan na lamang o hindi na natatalakay habang may ilan naman na nauulit.

Ginamit ang *purposive sampling* sa pagpili ng naging tagatugon. Nagsilbing kalahok sa pananaliksik na ito ang mga mag-aaral na nakakuha ng mababang puntos at kabilang sa may mababang kaalaman binubuo ng 10 at pinaka mababang kaalaman na may bilang na 71 na may kabuuang 81. Ginamit ang lisensyadong IBM Statistics 25 na ginagamit din ng paaralang gradwado sa Lucena upang bigyang interpretasyon ang mga datos satulong ng istaistisyan. Ginamit ang paglalapat estatistikal sa tulong ng isatistisyan, ang *SPSS* at *Tally Tool* na

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

lisensyado sa isa sa paaralang gradwado sa Lucena ang ginamit na instrumento upang bigyang interpretasyon ang resulta ng nakalap na datos mula sa mga naging tugon.

Batay sa resulta ng nakalap na datos nabuo ang anotasyong gabay ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Noli Me Tangere.

Depinisyion ng Katawagan

Upang higit na maunawaan at magkaroon ng kalinawan ang mga katawagan, binigyan ng mananalisik ng depenisyon ang mga sumusunod batay sa operasyonal na paggamit nito sa pananaliksik:

Anotasyong Gabay ng Mag-aaral sa Pagkatuto. Kaugnay at alternatibong gawaing panggramatika at literatura na makahihikayat ng mas malalim na pag-unawa.

II. Metodolohiya ng Pag-aaral

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito kwantitatibong metodo at disenyong deskriptib-ebalwatib para sa una at ikalawang layunin upang ilarawan at suriin ang antas ng pag-unawa at mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa nobela Noli. Sa pagkuha ng tugon ng mananaliksik ginamit sa unang layunin ang resulta ng isinagawang ikaapat na markahang pagsusulit ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang at sarilig likhang talatanungang tseklis naman sa pagtukoy sa mga salik.

Deskriptibong-korelasyunal naman ang ginamit sa ikatlong layunin upang malaman ang halagang unayan ng antas ng pag-unawa at mga salik sa pag-unawa. Masusing sinuri ang mga datos mula sa mga kalahok at naglapat ng angkop na pamamaraang estadistiko gamit ang ang lisensyadong SPSS na ginagamit din ng isa sa gradwadog paaralan sa lungsod ng Lucena upang bigyang interpretasyon ang mga datos satulong ng istaistisyan.

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral bumuo ang mananaliksik ng anotasyon gabay ng mag-aaral sa pagkatuto ng Noli na makatutulong upang mapataas ang antas ng kanilang pag-unawa sa akda at magkaroon ng maayos na daloy ng pagtuturo at pagkatuto sapamamagitan ng mga iteraktibo at kolaboratibong gawain sa loob ng klase.

Lokal ng Pag-aaral

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa paaralan na matatagpuan sa isa sa mga bayan sa lalawigan ng Quezon. Pinili ng mananaliksik ang isa sa Junior High School sa bayang ito dahil sa suliranin at personal na danas ng mga mag-aaral at guro partikular ang pagtalakay sa obra ni Dr. Rizal na Noli Me Tangere. Sa usaping pagtuturo at pagkatuto, limitado ang mga gawain na maaaring kasangkutan ng mga mag-aaral. Hindi sila nabibigyan ng pagkakaton na manood ng teyatro o palabas, magsagawa ng lakbay-aral sa mga paaralan o lugar na nasa labas ng isla dahil sa hindi pinahihintulutan ang ganitong gawain para sa siguridad at kaligtasan ng mga guro at mag-aaral. Gayunpaman, ngayong taon lang inilunsad ng departamento ng Filipino (JHS) sa nasabing paaralan ang programang AKAP (Aruga sa kultura, Kamalayang pampanitikan, Adbokasiya ng wika at Pagkilala sa identidad ng lahi). Layunin na mapanatili at buhayin ang pagmamahal ng mga mag-aaral sapamamagitan ng pagsulat ng lokal na akda at pagpapakita ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

pagpapahalaga sa literatura. Hilaw at bata pa ang programa, walang direktang kaugnayan sa mga akda ni Rizal naroon ang pagnanais na maipakita at buhayin ang yaman ng literatura ng bansa.

Sa kabilang banda habang patuloy ang pagpapaigting na mabigyang tuon ang pagpapahalaga sa literatura tulad na lang ng Noli, nakalulungkot lang na taon -taon bago ang pagsisimula ng pagtalakay sa ikaapat na markahan kinakailangang gumugol ng oras at panahon para sa pagbabalik aral sa ilang mahahalagang tagpo at tauhan upang maunawaan ang mga kasunod na pangyayaring nakatala sa ikalawang nobela. Ito ang nagtulak sa mananaliksik na isagawa ang pananaliksik sa lokal kung saan siya kasalukuyang nagtuturo upang masolusyunan ang suliraning ito at makatulong narin sa iba pa.

Populasyon at Sampol ng Pananaliksik

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng kalahok sa isinagawang pananaliksik kung saan ginamit na batayan ang ikaapat na markahang pagsusulit upang matukoy ang mga mag-aaral na nakakuha ng mababang puntos at kabilang sa may mababang kaalaman binubuo ng 10 at pinaka mababang kaalaman na may bilang na 71 na may kabuoang 81 mula sa kabuuang bilang na 239. Ang 2 mag-aaral na lumipat ng paaralan ay hindi kabilang sa mga tagatugon dahil hindi naman sila kasama sa may pinakamababa at may mababang antas ng pag-unawa. Samantalang hindi rin isinama ang 6 na bagong lipat sa paaralan sapagkat hindi sila nakakuha ng parehong pagsusulit noong sila ay nasa ikasiyam na baitang. Ginamit ang lisensyadong SPSS na ginagamit din ng isa sa gradwadong paaralan sa lungsod ng Lucena upang bigyang interpretasyon ang mga datos satulong ng istaistisyan. Nagmula ang mga kalahok sa limang pangkat sa ikasampung baitang ng lokal ng pananaliksik.

Ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang ang piniling magsilbing kalahok sa pananaliksik na ito sapagkat sang-ayon sa Gabay ng Kurikulum 2016 na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon, ang pagtuturo ng Noli Me Tangere ay sa baitang 9 (p.172-174) samakatuwid naituro na sa kanila ang aralin. Ang kaangkupan ng kanilang mga tugon ang magbibigay nilaw sa mga suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa akda. Mayroon nang personal na danas sa pagbabasa at pag-unawa sa akda ang mga mag-aaral na ginamit sa pagtukoy sa kung ano nga ba ang mga salik na lubos na nakaaapekto sa kanilang pag-unawa sa nilalaman ng nobela na nagdulot sa kanila ng kalituhan o dahilan upang di maunawaan ang nilalaman nito.

Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit na instrumento sa pagtukoy sa antas ng pag-unawa sa nobela ang resulta ng ikaapat na markahang pagsusulit ng mga mag-aaral na nasa ikasiyam na baitang taong panuruan 2023-2024 upang masagot ang unang layunin. Tinukoy ang resulta ng pagsusulit gamit ang iskala na 1 – may napakataas na kaalaman, 2 – may mataas na kaalaman, 3 – may mababang kaalaman at 4 – may napakababang kaalaman.

Samantalang sa pagsasakatuparang ng ikalawang layunin bumuo ng sariling gawang talatanungang tseklis para sa pagtukoy sa salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa akda kung saan mayroon anim na bahagi: kaligirang pangkasaysayan, tauhan, tema at panahon, mapanuri at replektibong pag-iisip, wika, estilo at kasanayang komunikatibo at pagpapahalagang moral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://aijsseaf.com
Volume 2 Issue 10 (2026)

Ginawang batayan ang 23 na kompitensing kailangang malinang ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan sang-ayon narin sa bisa ng inamyendahang Batas Republika Blg. 10533 - Enhanced Basic Education Act of 2013 na DepEd Memorandum Blg. 073, s. 2020, na may pamagat na "Implementation of the Most Essential Learning Competencies (MELCs)" na ginagamit na batayan sa pagtuturo at pagsasaayos ng aralin hanggang sa kasalukuyan upang masagot naman ang ikalawang layunin. Gumamit ang mananaliksik ang Likert Schale sa binuong talatanungan at tinukoy ang resulta ng tugon sa epekto ng mga salik gamit ang iskala na 4 – may napakataas na epekto, 3 – may mataas na epekto, 2 – may mababang epekto at 4 – may napakababang epekto.

Dumaan sa pagsusuri at balidasyon ng dalawang dalubguro sa pampublikong paaralan, at isang bihasa mula sa pribadong paaralan, mga dalubhasa larangan ng asignaturang Filipino partikular sa pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere. Isinaalang alang ng mananaliksik ang kanilang puna, suhestyon para higit na mapabuti ang binuong materyal. Isinagawa naman, paunang pagtataya (pilot testing) sa isa sa mga Integrated School sa lokal ng pananaliksik noong ika-7 ng Enero, 2025 sa tulong ng kanilang punong guro I at isang guro sa Filipino upang masukat ang kaangkupan nito. Nagsilbing kalahok ang 43 mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Nasa pagitan ng $0.9 > \alpha \geq 0.8$ na may interpretasyon na mataas (good) ang resulta ng Cronbach's alpha nangangahulugan na maayos ang pagkakabuo ng taatanunga. Nakabatay sa ginagamit ng Sachred Heart College na Statistic Guide Revision 2021 ang mga pagbibigay interpretasyon na ginamit ng mananaliksik.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

